# Ang Marine Protected Area ng San Juan, Batangas

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE


CTSP Coral Triangle Support Partnership




## Ano ba ang Marine Protected Area?


Marine Protected Area o MPA ang pangkalahatang tawag sa mga **protektadong lugar sa dagat**. Maaaring ito ay may bahagi na "No-Take Zone" o "marine sanctuary", at may bahagi rin na "marine reserve", kung saan pangangawil lamang ang pinapayagang paraan ng pangingisda.

May iba't-ibang klaseng ekosistema na pinoprotektahan ang MPA. Ito ay ang mga:




## Bakit mahalaga ang MPA? Maraming benepisyo ang MPA!




## Saan matatagpuan ang mga MPA sa San Juan, Batangas?

**Makikita sa mapa ang 13 MPA ng bayang ito. May 3 klase ng MPA dito:**

- **Marine Sanctuary**- tinatawag ring "No-Take Zone". Bawal mangisda dito.
- **Marine Reserve**- kawil lamang ang maaring gamitin sa pangingisda dito.
- **Mangrove Forest Conservation Area**- pinoprotektahan ang mga bakawan sa lugar na ito.



## Ano ang mga layunin ng MPA?

- Pangalagaan ang iba't-ibang uri ng isda at halamang dagat.
- Mas maparami pa ang klase ng mga isda at halamang dagat.
- Itaguyod ng mga mangingisda ang paggamit ng tamang paraan ng pangingisda.
- Maturuan ang mga mamamayan na alagaan ang kalikasan para sa ikauunlad at ikakikinabang ng susunod na henerasyon.

# Ano mga ipinagbabawal sa loob ng MPA?

**Mahalaga ang pagsunod sa mga patakaran upang magtagumpay ang MPA. Kung mangyari ito, tayo rin ang makikinabang sa mabuting idudulot nito.**

## BAWAL

- Maghulog ng angkla sa mga bahura
- Humawak sa mga bahura
- Mangisda sa mga **marine sanctuary** o "No-Take Zone"
- Habulin o hawakan ang mga hayop sa dagat
- Gumamit ng jetski
- Magkalat o magtapon ng basura
- Pumutol ng bakawan sa **mangrove conservation area**
- Manghuli o mamaril ng ibon sa **mangrove conservation area**

## PINAHIHINTULUTAN

- Mangisda sa **marine reserve** gamit ang kawil lamang
- Mangisda sa **mangrove conservation area**, gamit ang di-nakakapinsalang paraan ng pangingisda
- Magtali sa buya tuwing papasok sa MPA
- Responsableng snorkeling at diving
- Responsableng eco-turismo sa **mangrove conservation area**
- Magsagawa ng survey at pag-aaral sa MPA, na may pahintulot ng kinauukulang opisyal

## Parusa sa paglabag:

**1st Offense**
P1,000/ person, pagkumpiska ng mga nahuling isda o mga hayop na nakuha.

**2nd Offense**
P1,500/ person, pagkumpiska ng mga nahuling isda o mga hayop na nakuha, at ng mga gamit pangisda.

**3rd Offense**
P1,500/ person, pag kumpiska ng mga nahuling isda o mga hayop na nakuha, mga gamit pangisda, at maaaring makulong ang operator ng banca/ may-ari ng banca ng di-kukulang sa 2 buwan, at di lalampas ng 6 buwan.

## Tulong! Saklolo!

**May mga problema at panganib ring kinakaharap ang mga MPA:**

- Pangingisda sa mga No-Take Zones
- Pangulong
- Paggamit ng dinamita at cyanide
- Pangongolekta ng bahura
- Polusyon sa karagatan
- Crown-of-thorns starfish na kumakain sa bahura
- Pamumuti ng mga bahura o "coral bleaching" dahil sa pag-init ng tubig-dagat
- Pagputol sa mga bakawan upang gawing fishponds
- Pag-uuling sa mga bakawan

## Ano ang magagawa natin?

**Marami tayong magagawa upang malutasan ang mga problema, at mapaunlad ang mga MPA ng San Juan, Batangas:**

- ☑ Sumunod sa mga regulasyon ng MPA
- ☑ Magreport sa bantay dagat at kinauukulang ahensiya
- ☑ Sumali sa mangrove planting at mga coastal cleanups
- ☑ Itali ang banca sa buya kung papasok sa MPA
- ☑ Magparehistro ng banca sa Municipal Agriculture Office para maisama sa listahan ng mga mangingisda



***Higit sa lahat, ibahagi natin ang ating kaalaman sa iba!***

## Sino ang pwedeng kontakin?

Kung may nais ireport, maaaring tumawag o magtext sa alinman sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Police Station: | Hotline 166 |
| Mayor's Office: | (043) 575 3210 |
| Municipal Agriculture Office: | (043) 575 4173 |
| Bantay Dagat Chairman: | 0915 277 2862 |
| Bantay Dagat Patrol: | 0908 116 6586 |

## BRAVO! San Juan, Batangas

Noong January 23, 2013, nanalo ang Brgy. Hugom ng 3rd Place sa kategoryang "Best MPA Initiatives" sa **Batangas Recognition Award for Verde Passage's Outstanding MPA o BRAVO MPA**. Sa tulong ninyo, maaring makapasok din sa BRAVO ang iba pang MPA ng San Juan, Batangas!

